Royal College of Anaesthetists

Trusted Information Creator

Patient Information Forum

MADALING BASAHIN

# Ang pagkakaroon ng operasyon na may anesthesia


## Isang booklet na madaling basahin

Ang pagkakaroon ng operasyon ay maaaring nakakatakot, ngunit may mga bagay na maaari mong gawin upang matulungan kang mabawasan ang pag-aalala.

Ipinapaliwanag ng booklet na ito ang ilang mga salita na maaaring mahirap para sa iyo.


Sinasabi rin nito sa iyo kung ano ang aasahan at kung paano maghanda para sa isang operasyon.

Umaasa kaming makatulong ito sa iyo.



# Ang kahulugan ng mga mahihirap na salita


**Anesthesia** (parang 'An-ess-thee-zee-a') pinapatulog ka para sa isang operasyon.



**Mga general anesthetic**(parang 'An-ess-the-tic') mga gamot na nagpapatulog sa iyo upang kumportable ka sa panahon ng operasyon.



**Pre-assessment clinic** isang klinika sa ospital kung saan tatanungin ka ng isang nars tungkol sa iyong kalusugan. Maaari ka ring makipagkita sa isang anesthetist upang talakayin ang plano para sa anesthetic.



**Cannula**(parang 'can-you-la') isang manipis na plastik na tubo na ilalagay ng doktor o nars sa likod ng iyong kamay para bigyan ka ng mga gamot o likido.

# Sino ang magbabantay sa iyo sa ospital



Marami kang makikilala sa ospital. Posibleng mag-isip ka kung sino sila at ano ang ginagawa nila.




**Ang anesthetist**(parang 'an-ees-th-tist') isang doktor na sinanay sa pagbibigay ng mga gamot na magpapatulog sa iyo sa panahon ng operasyon.



**Ang surgeon** (parang 'sir-john') ang doktor na mag-oopera.



**Ang nars**– sa ospital ay palaging may mga nars sa paligid upang tulungan ka at ang mga doktor. Kung mayroon kang anumang mga alalahanin maaari kang makipag-usap sa doktor o nars.



**Anesthesia team**– ang anesthetist at iba pang staff sa ospital na mag-aalaga sa iyo bago, habang at pagkatapos ng operasyon.

Maaaring sumama sa iyo sa ospital ang iyong tagapag-alaga.

# Paghahanda para sa isang operasyon



Kung malakas ang iyong katawan at ikaw ay nasa mabuting kalusugan bago ang operasyon, ikaw ay gagaling nang mas mabilis at mas kaunting ang problema.




Kung ikaw ay naninigarilyo, umiinom ng alak, o gumagamit ng ilegal na droga, dapat kang huminto o subukang magbawas bago ang operasyon. Maaaring sabihin sa iyo ng iyong GP kung saan makakakuha ng tulong dito.



Kung ikaw ay sobra sa timbang, dapat mong subukang magbawas ng kaunting timbang at kumain ng masusustansyang pagkain. Maaaring magmungkahi ang iyong doktor kung saan ka makakakuha ng tulong.




Ang paglalakad at paggamit ng hagdan ay magandang ehersisyo upang matulungan kang maging fit para sa isang operasyon.



Makipag-usap sa iyong GP tungkol sa anumang mga problema sa kalusugan na mayroon ka, tulad ng diabetes o hika, bago ka pumunta sa ospital para sa operasyon. Sisiguraduhin ng iyong doktor na umiinom ka ng mga tamang gamot.



Kung ikaw ay may maluwag na ngipin, bisitahin ang iyong dentista upang ayusin ang mga ito bago ang operasyon. Maaaring lumabas ang mga maluwag na ngipin sa panahon ng operasyon.



Maaaring mahirap gumalaw at lumabas nang normal pagkatapos ng operasyon.





Tanungin ang iyong pamilya, mga kaibigan o tagapag-alaga upang tiyaking mayroon kang sapat na pagkain at maraming karaniwang mga gamot kapag umuwi ka mula sa ospital.



Normal na makaramdam ng sobrang pagkapagod pagkatapos ng operasyon. Kapag nakauwi na, hilingin sa inyong mga tagapag-alaga at pamilya na lagi kayong antabayanan at lagi kayong tulungan.

# Bago ang operasyon sa ospital




Magbibigay ang ospital ng petsa at oras upang makipag-ugnayan sa isang nurse o isang anesthetist sa pre-assessment ng ospital upang mapag-usapan ang operasyon.



Maaaring sumama sa inyo ang inyong tagapag-alaga o isang miyembro ng pamilya.



Ang doktor o nars ay magtatanong sa inyo tungkol sa inyong kalusugan at mga gamot na inyong iniinom. Dalhin ang lahat ng iyong gamot na laging iniinom sa loob ng kanilang mga kahon (o isang listahan ng mga ito) sa appointment.




Sabihan sila tungkol sa anumang allergy na mayroon ka



Maaari rin nilang bigyan ng ilang pagsusuri bago ang operasyon upang matiyak na maaari itong magpatuloy nang ligtas.




Ang mga tao ay madalas na nag-aalala bago ang isang operasyon. Kayo at ng iyong tagapag-alaga ay maaaring magtanong sa grupo tungkol sa operasyon o anesthetic. Maaari nilang ipaliwanag ang mga bagay at mag-alok sa inyo ng tulong.















# Sa araw ng iyong operasyon

Maligo o mag-shower bago pumunta sa ospital. Ang malinis na balat ay hindi gaanong maiimpeksyon.


Huwag suotin o dalhin ang alinman sa mga ito sa ospital:

- ✘ alahas
- ✘ make up o creams
- ✘ nail polish
- ✘ iba pang mahahalagang bagay
- ✘ malaking halaga ng pera.

## Dalhin ang mga ito sa ospital:




- ✔ isang kahon para sa inyong salamin, pustiso, hearing aid na may mga ekstrang baterya ay magiging kapaki-pakinabang



- ✔ inyong mga normal na gamot. Sasabihan kayo ng grupo kung kailangang ihinto ang pag-inom ng mga ito





- ✔ mga bagay na dapat gawin sa araw ng operasyon, tulad ng pakikinig ng musika (na may mga headphones para hindi ka makaistorbo sa ibang mga pasyente), mga bagay na babasahin o mga laro para makatulong sa pag-relax




- ✔ mga bagay na mainit at kumportableng isuot kung sakaling lamigin, at mga bagay na pwedeng ipanglaba.



Sasabihan kayo ng ospital kung kailan dapat huminto sa pagkain.




Nangangahulugan din na bawal ang matamis, chewing gum o gatas. Kung mayroong pagkain sa iyong tiyan habang inooperahan, maaaring maging mapanganib ito.



Dapat mong ipagpatuloy ang pag-inom ng tubig hanggang sabihin ng nurse na huminto, upang hindi ka makaramdam ng sobrang pagkauhaw sa iyong paggising.






Bibigyan kayo ng ospital ng isang hospital gown bilang pampalit at isang banda na isusuot sa inyong kamay na may pangalan mo.




Kapag oras na para sa inyong operasyon, dadalhin kayo ng isang nars sa operating theater.

Ang inyong tagapag-alaga o ang nars ay maaaring sumama sa inyo.






Ang team ay gagawa ng ilan pang mga pagsusuri at titingnan ang mga detalye sa inyong wristband. Tatanungin nila kayo ng ilang mga katanungan upang matiyak na OK ang lahat at sumasang-ayon kayong maoperahan. Hihilingin sa inyo na pirmahan ang isang form ng pahintulot.



Ang anesthetist ay maglalagay ng maliit na plastik na tubo (cannula) sa likod ng iyong kamay upang ibigay sa inyo ang lahat ng mga gamot na kinakailangan habang inooperahan. Minsan ay gumagamit ang inyong anesthetist ng isang krema para gawin itong mas komportable.




Minsan ay pwede kang mag-breathe in ng gas bilang alternatibo para makatulog ka.



Kapag nakatulog na, ang anesthetist ay mananatili sa inyong tabi hanggang sa paggising.

# Pagkatapos ng operasyon at pag-uwi



Pagkatapos ng operasyon ay dadalhin kayo sa isang kwarto na malapit sa teatro hanggang sa kayo ay magising nang husto at maging OK na.  Kayo ay sasamahan ng mga nars doon.

Magbibigay din sila ng mga gamot kung kinakailangan para mapanatiling komportable kayo.



Kapag kuntento na sila sa inyong pag-galing, kayo ay ililipat sa ward.

Maaari na kayong magsimulang uminom at kumain muli sa ward. Sisimulan na rin dito ng mga staff ang paghahanda sa inyong pag-alis sa ospital.



Kakausapin kayo ng staff at ng inyong tagapag-alaga tungkol sa kung anong mga pangpawala ng sakit ang kailangan niyong inumin sa bahay.

Sasabihin nila kayo kung ilan ang dapat inumin at kung gaano ito kadalas.



Tiyaking alam niyo at ng inyong tagapag-alaga kung sino ang tatawagan kung sakaling magkaroon ng anumang problema sa iyong pag-uwi. Ibibigay sa inyo ng staff ang numerong pwedeng tawagan bago kayo makaalis ng ospital.



Umuwi dapat na kasama ang iyong tagapag-alaga. Dapat silang kasama sa lahat ng oras sa unang araw at gabi pagkatapos niyong umuwi.



Magdahan-dahan sa loob ng ilang araw pagkatapos ng operasyon. Sundin nang mabuti ang anumang mga bilin at ehersisyo na ibinibigay sa iyo ng ospital.



Kung masama ang pakiramdam niyo o nagsimulang makaramdam ng init at pagpapawis, sabihan ang iyong tagapag-alaga na tawagan ang ospital o di kaya ay ibalik kayo sa ospital.

Kung mayroon kayong nakitang anumang nakababahala tungkol sa iyong sugat makipag-ugnayan sa iyong GP o sa ospital.



Sundin ang anumang mga bilin na ibinigay sa inyo tungkol sa kung kailan kayo pwede makakapagsimulang magmaneho muli.

Good luck sa iyong operasyon!

Huwag kalimutang tanungin ang mga staff kung mayroon kayong anumang mga katanungan o kung may anumang bagay na kinakailangan ng paglilinaw. Nandiyan sila para matulungan kayo.

## Disclaimer

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito (rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

# Iparating sa amin ang inyong saloobin

Tumatanggap kami ng mga suhestyon para mapagbuting lalo ang polyeto na ito. Kung mayroon kayong anumang komentong pangkalahatan, maaari niyong i-email ito sa:

@ patientinformation@rcoa.ac.uk

020 7092 1500

**Royal College of Anaesthetists**
Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG

# rcoa.ac.uk

## Ikalawang Edisyon, Mayo 2022

Susuriin ang polyetong ito sa loob ng limang taon mula sa petsa ng paglalathala.

**2022 Royal College of Anaesthetists ©**

Maaaring kopyahin ang polyetong ito para sa paggawa ng mga materyal na magbibigay ng impormasyon sa pasyente. Mangyaring bigyan ng sipi ang orihinal sanggunian na ito. Kung gusto niyong gumamit ng bahagi ng polyetong ito para sa ibang lathalain, dapat na magbigay ng naaangkop na pagkilala at kailangang alisin ang mga logo, branding, larawan, at icon. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa amin.

CHANGE
© Images

Ang polyeto na ito ay sinuri ng CHANGE People
changepeople.org